| MATATAG K to10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 5 - 9, 2024 (WEEK 2) | Markahan: | 1 |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| *A.* **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagpapaliwanag sa ginampanan ng katangiang pisikal ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipaliliwanag ang mahalagang ginampanan ng katangiang pisikal ng Pilipinas at ng rehiyon sa pagbuo ng sinaunang kasaysayan at kalinangan ng mga mamamayan sa Pilipinas at Timog Silangang Asya.**<br>1. Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya<br>2. Nasusuri ang mga likas na yaman ng Timog Silangang Asya at Likas kayang pag- unlad.<br>3. Natataya ang mga |

| | |
|---|---|
| | implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng mga bansa ng rehiyon sa pamumuhay ng Asyano sa larangan ng agrikultura, ekonomiya, panahanan, at kultura; at<br>4. Naipahahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang ng kalagayang ekolohikal ng rehiyon |
| **C. Nilalaman** | **ANG HEOGRAPIYA NG TIMOG SILANGANG ASYA**<br>Likas na Yaman ng Timog Silangang Asya at Likas kayang Pag-unlad |
| **D. Integrasyon** | SDG #4: Quality Education, Heograpiya, International Relations, Asian identity, Citizenship, Nasyonalismo |

| | |
|---|---|
| **II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto** | Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City. |

Abejo, R. et. al. (2017). Kasaysayan ng Asya. Serye 7. Vibal Group Inc. Quezon City.

Celada, A. et. al. (2018). Paglinang sa Kasaysayan 7: Araling Asyano. DIWA Textbooks. Makati City. Sim, A. et. al. (2023). Siglo: Araling Asyano 7. Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Binagong Edisyon. Rex Book Store. Manila City.

Palero, J. (2016). AP 7 Lesson no. 2: Likas na Yaman ng Asya. Slideshare. https://www.slideshare.net/slideshow/ap-7-lesson-no-2-likas-na-yaman-ng-asya/62601347

Department of Education (2020). Araling Panlipunan Unang Markahan – Modyul 3: Mga Likas na Yaman ng Asya. Araling Panlipunan – Baitang Pito Alternative Delivery Mode.

ShairaAun (2014). Timog Silangang Asya. Slideshare. https://www.scribd.com/presentation/237479695/Timog-Silangang-Asya

Tagami, M. (2018). iJuander: Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Matalinong Pangangasiwa Ng Likas Na Yaman Sa Pag-Unlad Ng Bansa at Pananagutan Ng Bawat Pilipino nito. Unpublished Learning Material. Mariano Marcos State University

Christie, Marianne (2019). Pagsusulit Sa Likas Kayang Pag-Unlad. Retrieved from: https://www.scribd.com/document/432806694/Pagsusulit-sa-Likas-Kayang-Pag-unlad

Dayag, Alma (2018). Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 4. Teacher' Wraparound Edition. Phoenix Publishing House.

Eugenio, Marissa (2020). Mga Kasalukuyang Hamon Sa Pagtamo Ng Sustainable Development. Retrieved from: https://myinfobasket.com/mga-kasalukuyang-hamon-sa-pagtamo-ng-sustainable-development/


Honradez, Editha (2016). YUNIT II ARALIN 11: Likas Kayang Pag-unlad. Retrieved from: https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-ii-aralin-11-likas-kayang-pagunlad

Ocado, Luzviminda (2020). Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development). Araling Panlipunan 4 Ikalawang Markahan – Modyul. Department of Education. Pasig City. Retrived from: https://www.scribd.com/document/494521988/AP-4-Q2-Mod-4-Likas-Kayang-Pag-unlad-v4

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** *(Mind & Mood)* | **BALIKAN NATIN!**<br>***Unang Araw***<br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay pag-uugnayin ang mga pangungusap sa Hanay A na tinutukoy o nilalarawan sa Hanay B.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel ang gawain)*<br><br>**HULARAWAN CHALLENGE!**<br>***Unang Araw***<br>Panuto: Ang mag-aaral ay susuriin ang mga larawan sa ibaba. Isulat sa kahon ang salitang tumutukoy sa mga ito.<br><br>*(Tingnan sa pahina 2-3 ng Sagutang Papel ang gawain)*<br><br>**K-W-H-L CHART (#iKuwento, Wariin, Hanapin, Lagumin):**<br>Panuto: Hinihingi ng makikitang tsart sa ibaba ang iyong inisyal at pinal na pag- unawa patungkol sa aralin. Punan ang hinihinging impormasyon.<br><br>*(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel ang gawain)* | Tamang Sagot:<br>1. A<br>2. D<br>3. C<br>4. B<br><br>Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ng angkop na gawain para sa mga mag-aaral.<br><br>Sa bahaging ito, maaaring gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggawa nito sa tulong ng naaangkop na katanungan o *hints/clues.*<br><br>Ang guro ay may kalayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag-aaral.<br>Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng |

| | | |
|---|---|---|
| | | mga mag-aaral ang gawain. |
| **B. Paglalahad ng Layunin**<br>***(Aims)*** | **MAY K AKO SA IYO (#Katanungan, Kaalaman at Kamalayan):**<br>***Ikalawang Araw***<br><br>Ang mga mag-aaral ay kanilang tutukuyin kung anong “K” ang inilalarawan sa bidyong ito: **The Silent Rise of ASEAN as a Global Superpower** (nakuha mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=vYu59WYvGPM)<br><br><br>Pagkatapos panoorin ang bidyo, ang mga mag-aaral, ito ay maaring gawin ng dalawahan, ay sasagutin ang mga katanungan:<br>1. Ano-ano ang mga maaaring makuha na biyaya ng likas na yaman ang mga mamamayan sa Timog-Silangang Asya?<br>2. Paano nakaaapekto ang paglinang ng likas na yaman ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya sa kanilang pag-unlad?<br>3. Ano ang nakikitang ugnayan ng paglinang ng likas na yaman sa aspketo ng agrikultura, ekonomiya, panahanan at kultura ng TImog Silangang Asya?<br><br>*(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang papel)*<br><br>**KAYANG KAYA PARA SA PAG-UNLAD**<br><br>Panuto: Ang mga mag-aaal ay pupunan ang nakatalang *graphic organizer sa* ibaba na magtatala ng iyong inisyal na kaisipan o ideya sa topikong anong makakayang | Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.<br><br>Sa bahaging ito ng aralin ay tungkol na sa likas- kayang pag-unlad.<br>Bilang kanilang napag- aralan na ang tungkol sa likas yaman, ang mga |

| | | |
|---|---|---|
| | gawin ng batang katulad mo upang mapangalagaan at mapangasiwaan ang iyong bahay at paaralan. Ito ay inisyal muna na pagaanalisa sa maliit muna na sektor ng ating likas na yaman<br>*(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel ang diagram)* | mag-aaral dito ay kanila naming ipapahayag ang mga gawain na pangalagaan o pangasiwaan ang mga ito. Ito ay panimulang gawain tungkol sa Likas- Kayang Pag-Unlad |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** ***(Tasks and Thought)*** | **KONSEPTO 1: LIKAS YAMAN NG TIMOG SILANGANG ASYA**<br>***Ikalawang Araw***<br>**Konsepto ng Biotic at Abiotic Resources**<br>Tumutukoy ang mga likas na yaman sa mga yamang nagmumula sa kalikasan at maaaring makapanatili kahit walang gawing pagkilos ang tao. Kabilang dito ang iba't ibang elementong matatagpuan sa daigdig tulad ng sinag ng araw, lupa, tubig, hangin, mga mineral na matatagpuan sa lupa, at mga halaman. Mahalaga ang ilan sa mga ito upang makapamuhay ang tao sa araw-araw.<br>Maaaring uriin ang mga likas na<br>yaman sa iba't ibang paraan. Posibleng ibatay ito sa pinagmulan, antas ng paglinang, o kung mabilis ba itong na- papalitan. Batay sa pinagmulan, maaari itong biotic o abiotic.<br><br>**Biotic** na matatawag ang likas na yaman kung nagmula ito sa mga buhay o organikong materyal. Kasama rito ang mga hayop, kagubatan, fossil fuels (tulad ng coal at petroleum). Tingnan ang larawan sa Pigura 3.2. Makikita rito ang lokasyon ng mga reserba ng langis o oil reserves na isang halimbawa ng mahalagang likas na yaman ng daigdig. | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>Pigura 3.1 Iba't Ibang Likas na Yaman na Matatagpuan sa Daigdig<br><br>**Abiotic** naman ang likas na yaman<br>kung nagmula ang mga ito sa mga hin- di-buhay at di-organikong materyal. Kasama rito ang lupa, tubig, hangin, at mga bakal (tulad ng ginto, pilak, at tanso).<br><br>**Konsepto ng Renewable at Non-renewable Resources**<br>Isang paraan din ng pag-uuri ng likas na yaman ay ayon sa katangian nitong mapalitan o maparami sa likas na pamamaraan. Tinatawag na renewable resources ang mga bagay at organismo na kayang palitan o maparami ng kalikasan sa maiksing panahon lamang. Ang mga pananim tulad ng palay, trigo, prutas, at mga gulay; mga puno sa kagubatan mga hayop sa lupa at sa tubig; mga halaman sa katubigan tulad ng bakawan at halamanc dagat (seaweed); ang tubig sa mga ilog, lawa, at estuwaryo; at ang hangin at sinag ng araw ay ilan lamang sa mga halimbawa ng renewable resources.<br><br>Kapag ang likas na yaman ay hindi kaagad mapapalitan o mapaparami ng kalikasan, ito ay tinatawag na nonrenewable resource. Ang karbon, langis, at natural gas ay mga halimbawa nito dahil inaabot ng milyong taon ang proseso upang mabuo ang mga materyal na ito ng kalikasan. Kabilang din sa nonrenewable resource ang iba pang mga mineral at uri ng metal na minimina. Maging ang tubig na kinukuha sa ilang mga akwipero (acquifer) ay hindi rin agad napararami kaya itinuturing itong nonrenewable resource.<br><br>**Likas Yaman Ng Timog-Silangang Asya** | Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro kung papaano isinasagawa ang prosesong ito<br><br>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

Ang Timog-Silangang Asya ay nakalatag sa lugar kung saan ang dalawang dibisyong pandaigdigang palahayupan ay nagtatagpo. Ito ay matatagpuan sa silangang bahagi ng tinatawag na Oriental o Indian Zoographic Region.
Nakahangga naman sa timog at silangan ang Australian Zoographic region. Dahil dito, matatagpuan sa rehiyon ang mga kakaibang uri ng hayop at halaman na dito lamang makikita. Kabilang sa mga ito ang orangutan ng Borneo at Sumatra; ang bear cat at tapir ng Malaysia; ang komodo dragon at babirusa ng Indonesia, at ang kinikilalang isa sa mga pinakamalaking uri ng agila sa mundo, ang Philippine Eagle na isa sa mga pambansang simbolo ng Pilipinas.

| **Timog-Silangang Asya** |
|---|
| **Likas na Yaman:**<br>● May reserba ng langis ang Brunei, Malaysia, Vietnam at Indonesia<br>● May deposito ng nickel at iron ang Indonesia; tanso sa Pilipinas; at tin sa Thailand, Myanmar, at Laos<br>● **Pilipinas** – kabilang sa pinakamalaking prodyuser ng silver, coal, gypsum at sulphur; pang-walo sa pinakamalaking prodyuser ng bigas sa daigdig<br>● **Vietnam** – pangalawa sa pinakamalaking exporter ng kape; Petroleum at Coal ang pangunahing iniluluwas ng bansa<br>● **Cambodia** – pangunahing itinatanim ay ang bigas, mais at rubber na iniluluwas<br>● **Malaysia** – pinakamalaking prodyuser ng tin sa buong mundo; nagluluwas din sila ng iba pang mineral tulad ng copper, iron ore at phosphates; isa sa mga pangunahing exporters ng rubber, cocoa, pineapple at palm oil<br>● **Thailand** – pangatlo sa pinakamalaking seafood exporter; pangalawa sa pinakamalaking exporter ng gypsum; pangunahing produkto iniluluwas ay shrimp, coconut, corn at sugarcane |

Mga Pangunahing Pinagkukunang Yaman ng Bawat Bansa sa Timog Silangang Asya.

| BANSA | YAMANG MINERAL |
|---|---|
| Brunei | langis,natural gas |
| Cambodia | zircon,sapphire,ruby,asin,manganese,phosphate |
| East Timor | ginto,petrolyo,natural gas,manganese,marmol |
| Indonesia | langis,natural gas,tin,bauxite,tanso,nickel,karbon,pilak,ginto, diyamante,ruby |
| Laos | karbon,batong apog,gypsum,tin |
| Malaysia | langis,natural gas,tin,bauxite,tanso,bakal,pilak,ginto |

| | |
|---|---|
| Myanmar | langis,natural gas,tin,antimony,zinc,tanso,tugsten,tingga, karbon,tanso,nickel,pilak,marmol,batong apog,jade, ruby,sapphire |
| Pilipinas | tanso,ginto,pilak,nickel,tingga,chromium,zinc,cobalt ,manganese, langis,naturalgas |
| Singapore | luwad |
| Thailand | karbon,zinc,tingga,tin,gypsum,bakal |
| Vietnam | ginto,bakal,tin,zinc,phosphate,chromite,karbon |

**Implikasyon Ng Pangangalaga Ng Likas Na Yaman Ng Timog Silangang Asya Sa:**

A. Agrikultura

Sa kabuoan, ang Timog-Silangang Asya ay agrikultural. Ang malalawak at mahahabang ilog at delto, gayundin ang klimang monsoon, ay nakatutulong upang patabain at gawing produktibo ang malalawak na lambak at kapatagan ng rehiyon. Dahil dito, ang karamihan sa Asyano ay naninirahan sa mga kapatagang sakahan na mas ginagawa pang sagana ng mga makabagong sistemang pang-irigasyon. Ang mga lunas ng Mekong at Tonle Sap sa Cambodia, ang makitid na baybayin at matabang sakahan sa paanan ng bundok ng Annamite ng Vietnam; ang masaganang kapatagan ng Chao Phraya River; ang malawak na saklaw ng kapatagan ng Nueva Ecija at ang rice terraces sa Banaue ng Pilipinas; ang matabang lupain ng Java sa Indonesia; at ang masaganang kapatagan ng lambak-ilog Irrawaddy ng Myanmar ay mga pinagmumulan ng milyon-milyong toneladang ani ng bigas at iba pang produkto na mahalaga hindi lamang para sa ikabubuhay ng populasyon sa rehiyon kundi ng iba pang bansa sa mundo. Ang kita mula sa mga produktong nagmumula sa mga sakahang ito ay nakatutulong sa paglilinang ng ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon. Ganito rin ang sitwasyon sa mga taniman ng goma sa Malaysia, Thailand, at Cambodia kung saan

| | | |
|---|---|---|
| | matatagpuan ang malalawak na rubber plantation. Dahil sa pagiging agrikultural ng mga bansa sa rehiyon, ang karamihan ng taga-Timog- Silangang Asya ay umaasa sa pagsasaka bilang kabuhayan. Dahil dito, ang higit sa kalahating bilang ng populasyon ng Indonesia ay naninirahan sa Java, na 7% lamang ng sukat ng bansa. Upang malutas ang hamong ito, inilunsad ng pamahalaan ng bansa ang "transmigration policy" kung saan sinisikap ng pamahalaan na makahikayat ng malawakang pagpapalipat ng malaking bilang ng populasyon sa iba pang bahagi ng kapuloan.<br><br>B. Ekonomiya<br>Ang mga pagawaan at sektor ng serbisyo ay mabilis na naging mahalagang tagapag-ambag din sa pag- unlad ng ekonomiya sa rehiyon. Ang pagawaan ng mga kahoy na pangkonstruksiyon ang bumubuo sa 70% ng ekonomiya ng Cambodia. Ganito rin ang kalagayan sa Malaysia kung saan pinakamahalaga ang industriyang timber. Ang mga kahoy na pangkonstruksiyon ang isa rin sa pinakamahahalagang produktong iniluluwas ng Malaysia. Ang ekonomiya naman ng Laos ay matagumpay na nasusuportahan ng industriyang handicraft tulad ng pagpapalayok, paghahabi, at silver smithing o paglinang ng mga produktong yari sa pilak.Sinisikap naman ng Vietnam na malinang nang husto ang sektor industriyal. Sa kasalukuyan, kilala ang bansa sa paggawa ng mga tela, elektronik, at mga sasakyan. Pinagtutuonan din ng pansin sa kasalukuyan ang paglinang ng reserbang langis ng bansa.Samantala, ayon sa Ministry of Economy, Trade, and IndustryoMETIng Indonesia, ang bansa ay kasalukuyang nakararanas ng mabilis na transpormasyong pang-ekonomiya at kinikilala sa kasalukuyan bilang isa sa mga pinakamalaking ekonomiya sa Timog-Silangang Asya. Ito ay bunga ng estratehikong lokasyon ng bansa.Kaiba naman ang mga yamang likas ng Singapore. Ang estratehikong lokasyon nito ay pinagkalooban ng likas na malalim na daungang baybaying-dagat. Dahil dito, ang bansa ay nalinang bilang isang entrepôt o transhipment port kung saan ang kalakalang "extended entrepot" ay pinalawig at umunlad.Halimbawa ng mga produktong ito ang wafer fabrication industry at oil refining industry. Nagluluwas din ang bansa ng mga elektronik, kemikal, at serbisyo. Sa kasalukuyan, ang Singapore ay kilala bilang isa sa mga mga pinakaindustriyalisadong bansa sa | |

Timog- Silangang Asya.

C. Panahanan at Kultura

Ang tradisyonal na panahanan sa Timog-Silangang Asya ay nakabatay sa klima at heograpiya ng rehiyon. Karaniwan na sa mga lalawigan ang prefabricated o pinagkakabit-kabit na materyales sa pagbuo ng panirahan. Karaniwang tahanan ng mga mangingisda ang mga panahanang stilt na nakatayo sa tabing-dagat at sinusuportahan lamang ng mga poste. Ang mga magsasaka naman ay karaniwang nakatira sa mga nipa hut, na nabububungan ng mga pawid, at karaniwang matatagpuan sa paligid ng mga sakahan. Gayumpaman, bunsod ng pagbabago sa sistema ng pagsasaka mula sa tradisyonal na agrikultura patungong paggawa at serbisyo, ang mga panahanan sa rehiyon ay nagbago na rin. Ang dating gawa sa mga kahoy at pawid ay karaniwang gawa na sa mga ladrilyo o semento. Ang hindi mapigilang pag-unlad ng mga pook urban. ay nauwi na rin sa paglilinang ng panahanang urban kung saan matatagpuan ang nagtataasang condominium at panahanan sa mga subdivision sa pusod ng mga lungsod.

**TUKLAS-LUTAS (#Isipin at Sagutin Natin):** Kompletuhin ang *matrix* tungkol sa likas na yamang taglay ng mga bansa ng Timog-Silangang Asya

*(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)*

**UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**
***Ikalawang Araw***

Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang mga obserbasyon at naitalang impormasyon sa tungkol sa mga likas na yaman ng mga bansa sa Timog- Silangang Asya at kanilang ugnayan sa aspekto ng agrikultura, ekonomiya, panahanan at kultura.

*(Tingnan sa pahina 8-9 ng Sagutang Papel)*

Sa gawaing ito, ang guro ay maaaring ipagawa sa mga mag-aaral ng dalawahan o tatluhan.
Maaari ring magbigay ng angkop na katanungan ang guro para mas madaling maiproseso ang nasabing gawain.

Sa bahaging ito ng aralin, ang mga guro ay maaaring gawing gabay ang mga makikitang katanungan sa paglalahad ng aralin. Mayroong kalayaan ang guro na baguhin o palalimin pa ang mga katanungan na sa tingin niya ay mas magiging maganda at maayos para sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | **KONSEPTO 2: ANO ANG TUNGKOL SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD?**<br>***Ikatlong Araw***<br><br>Maaaring gawing gabay ang mga sumusunod na *resources* para mas malaman pa ang tungkol sa Likas-Kayang Pag-unlad:<br>● https://www.youtube.com/watch?v=FRZiXdL30d4<br>● https://www.youtube.com/watch?v=TZtNM7_R1Yw<br>● https://www.scribd.com/document/494521988/AP-4-Q2-Mod-4-Likas-Kayang-Pag-unlad-v4<br><br>**TANONG-TUGON, PAMPARUNONG (#Pamprosesong Katanungan):**<br>***Ikatlong Araw***<br><br>Ang sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>● Ano ang mga mahahalagang impormasyong iyong nakalap patungkol sa Likas-Kayang Pag-Unlad?<br>● Ano ang ugnayan ng mga detalye patungkol sa pagpapabuti natin ng kapaligiran?<br>● Paano nakaapekto ang konsepto ng likas-kayang pag-unlad sa ating bansa?<br><br>**UGNAY-UNAWA (#Ating Ilapat at Iugnay)**<br>***Ikatlong Araw***<br><br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi aang mga kahulugan at kahalagahan ng likas-kayang pag-unlad sa pamamagitan ng talaang ito.<br><br>*(Tingnan sa pahina 10 ng Sagutang Papel)*<br><br>**KONSEPTO 3: MGA HAMON SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD**<br>***Ikaapat na Araw***<br><br>Bagaman maganda ang hangarin ng pagsulong ng likas-kayang pag-unlad sa ating | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>bansa, hindi pa rin ito perpektong solusyon upang mailigtas o maingatan ang mga yaman ng bansa at mundo dahil sa mga problema o hamong humaharang sa pagtamo nito.<br>Narito ang ilan sa mga hamon ng pagtamo ng sustainable development<br>Sa tulong ng mga iba’t ibang isyu at mga impormasyon, ang mga mag-aaral ay kanilang susuriin ang katangian at kalagayan sa bansa:<br>Tingnan sa https://www.coursehero.com/file/119860494/3-Strategiespdf/<br><br>https://myinfobasket.com/mga-kasalukuyang-hamon-sa-pagtamo-ng-sustainable- development/<br><br><br>Maaari pang gamitin ang bidyong ito sa pagpapa-unlad pa ng konsepto ng aralin:<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=zhZiUs1lYHQ<br><br>TANONG-TUGON, PAMPARUNONG (#Pamprosesong Katanungan):</td>
<td>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ***Ikaapat na Araw***<br><br>Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.<br>● Ano ang mga suliranin na nakikitang maaaring humadlang sa likas-kayang pag-unlad?<br>● Sa inyong lokalidad, ano ang mga hamon na inyong nararanasan?<br>● Paano nakaaapekto ang mga hamon at suliranin na ito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan?<br><br>**UGNAY-UNAWA**<br>***Ikaapat na Araw***<br><br>Panuto: Tukuyin ang posibleng bunga sa mga pangyayaring nakatala sa talahanayan. Pumili ng isang kasamahan upang makumpleto ang misyong ito. | gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.<br><br>Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro kung papaano isinasagawa ang prosesong ito<br><br>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag- aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

| SANHI | BUNGA |
|---|---|
| **Patuloy na nauubos ang mga punongkahoy sa kagubatan dahil sa *illegal logging*.** | |
| **Nagsasagawa ang pamahalaan ng pagsasanay sa mangingisda tungkol sa makabagong paraan ng pag-aalaga at paghuhuli ng isda.** | |
| **Pinarurusahan at pinagmumulta ang sinumang mahuhuling gunagawa ng illegal na pangingisda.** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Patuloy ang pagkasira ng mga *coral reef.***<br><br>**Ibinabaon ng mga mamamayan ssa lupa ang mga basurang nabubulok.** | |
| **D. Paglalahat** ***(Abstractions)*** | **A-B-K-D (Alpabetong Tampok ay Dunong):** ***Ikaapat na Araw***<br><br>Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ilalagom o ibubuod ang mga mahahalagang konseptong kanilang napag-aralan, naobserbahan, o naranasan patungkol sa aralin at mga iba't ibang gawain. Gawing gabay ang tsart<br><br>(Tingnan sa pahina 12 ng Sagutang Papel)<br><br>**Palawakin ang Kaalaman at Gawin itong Aksyon** ***Ikaapat na Araw***<br><br>Panuto: Sa nabuo ninyong pag-aanalisa sa grupo at bilang pagpapatuloy ng ginawa ninyong pag-aanalisa ng mga programa at isyung pangkapaligiran, kayo ay magpapatuloy sa inyong misyon na pangalagaan at pangasiwaan ang likas na yaman ng ating bansa sa pamamagitan ng paggawa ng simpleng *action plan.*<br>Nakalahad na sa talahanayan ang isang halimbawa nito. Kumpletuhin niyo itong talahanayan upang maisakatuparan ang misyon.<br><br>*(Tingnan sa pahina 13-14 ng Sagutang Papel ang Gawain at ang rubrik nito)* | Ang bahaging ito ay gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag- aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may alayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng<br>pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag- aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| E. Pagtataya *(Tools for Assessment)* | | **TAYAHIN ANG NALALAMAN**<br>***Ikaapat na Araw***<br>*(Tingnan sa pahina 15-18 ng Sagutang Papel ang gawain)*<br><br>**3K: KONTRATA NG KATAPATAN SA KAPALIGIRAN (#Commitment Wall):**<br>*Ikalimang Araw*<br><br>**Panuto:** Sa isang malaking *Commitment Wall*, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang kanilang mga pangako o *commitment*, mga kaya nilang gawin, para sa pagsusulong ng likas-kayang pag-unlad ng mga pinagkukunang likas-yaman. Gawing gabay ang pahayag na ito:<br><br>**Bata man akong maituturing, ngunit sa aking mumunting gawain, kayang- kaya kong isulong ang likas-kayang pag-unlad ng yaman ng bansa sa pamamagitan ng …** | TAMANG SAGOT<br>1. B<br>2. A<br>3. B<br>4. A<br>5. C<br>6. A<br>7. D<br>8. C<br>9. D<br>10.A<br>11.C<br>12.A<br>13.B<br>14.D<br>15.B<br><br>Ang bahaging ito ay gawaing pangkatan. Ang guro ay maaaring magbigay ng mga *clues* para mas madaling iproseso ng mga mag-aaral ang gawain.<br><br>Ang guro ay may alayaan na baguhin ang konsepto ng mga gawain na naaayon sa lebel ng pang-unawa at kasanayang kailangang makamit ng mga mag- aaral.<br><br>Ang guro ay may kalayaan rin na pumili mula sa mga sumusunod na gawain ang kaniyang maaaring ipagawa |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">DYORNAL NG KARUNUNGAN<br>Ikalimang Araw<br><br>Sa inyong learning journal ay sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba bilang paglalahat sa araling ito.<br>Bakit mahalaga ang matalinong pagpapasiya sa pangangasiwa ng mga likas na yaman ng bansa?<br><br>Learning Journal<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________</td>
<td>sa klase batay sa kung paano at araw/oras na nakamit ng mga mag-aaral ang kasanayang kanilang dapat taglayin sa aralin.<br><br>Ang guro ay maaaring magbigay ng katanungan dito para mas magabayan pa ang mga mag-aaral.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon<br>Ang bahaging ito ay</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong pamamaraan</td>
<td>Problemang naranasan at iba pang usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>G. Pagninilay</td>
<td colspan="3">GABAY NA TANONG SA PAGNINILAY (Para sa mga mag-aaral)</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **Ano ang aking naranasan?** | |
| | |
| | |

**Ano ang aking naramdaman?**

**Ano ang aking gagawin?**

| | |
|---|---|
| *Inihanda ni:* **MARK IAN C. TAGAMI** | *Sinuri ni:* **MARIVIC M. PIMENTEL, Ph.D.** |
| *Institusyon:* **MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** | *Institusyon:* **PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY** |